

MAY 2011

FILIPINO MAGAZINE

PO NATIN !

PAG-USAPAN

ISSUE 34

مجلة للتجاوز ملحق مجلة البشرى باللغة الفلبينية - العدد الرابع والثلاثون

KAHIRAPAN

IPINAMIMIGAY NG LIBRE

المركز الكويتي الفلبيني الثقافي
Kuwait Philippine Cultural Center

UPANG TAYO Y MAGKILALANAN ... نتعارف

24756796-24712574

For reservation and registration

Tawag lang sa 24712574 or 24756796

Extention 102 sa mga lalaki, Extention 116 sa mga babae

Office Hours: Sundays to Fridays, Morning 8:00– 1:00,
Evening 4:30 – 8:30

KPCCenter is Closed on Saturdays

ARABIC CLASS 2011 – 2012 SCHEDULE OF CLASSES & REGISTRATION

BATCH	REGISTRATION PERIOD	DURATION OF CLASSES
1 st Batch	January 1 - 31, 2011	February - May 2011
2 nd Batch	May 1 - 31, 2011	June - September 2011
3 rd Batch	September 1 - 30, 2011	October 2011 - January 2012

Mag-aral Bumasa at Sumulat ng Arabik sa Loob Lamang ng Apat na Buwan



المركز الكويتي الخلييني الثقافي
Kuwait Philippine Cultural Center

UPANG TAYO'Y MAGKILALANAN ... للتعارف

ICSA INTERNATIONAL INSTITUTE OF COMPUTER SCIENCE & ADMINISTRATION

Ang Unang Filipinong Akademiya ng Computer Sa Kuwait



Highly
Qualified Filipino
Instructors

Hinahanap Mo Ba Ang Magandang Kinabukasan Para Sa Inyong Anak Sa Abot Kayang Halaga?

Magandang Balita sa lahat ng mga Magulang at Batang Mag-aaral! Inihahandog ng **ICSA** ang **(Special/Short Computer Courses for KIDS)**. Mag-aral ng Computer Course sa Malaking diskwento at sa Schedule na gusto nyo.

Special Computer Courses For Kids

Magmadali!

Para sa reservation
ng inyong mga
anak.

www.icsa.us

Kuwait City, Maliya, Behind KFC
Panasonic Tower, 8th Floor

Tel: 99302850 - 60078629

KPCC Sentrong Pangkultura

facebook

facebook.com/kpcccenter



Makinig Araw-araw, 1:00 - 3:00 P.M.
Tagalog Program ng Radio Kuwait
FM 93.3 khz . AM 963 khz.



**MAGANDANG
BALITA!!!**

Para Sa Lahat Ng **Pinoy**
Sa **Kuwait**

Now you can earn

Bachelor & Master's Degree

Online from **CHED**
accredited University
in Philippines while
living abroad

Bachelor of Science in
Business Administration
• Major in Marketing
• Major in Management

A great opportunity for undergraduates

with **Flexible Schedule** and **No regular Class** is required.

Enroll Business Administration Courses at ICSA Thru

**WISDOM INTERNATIONAL SCHOOL
FOR HIGHER EDUCATION STUDIES**
www.wisdom.edu.ph



Kuwait City, Maliya
Behind KFC, Panasonic Tower, 8th Floor
ICSA - E-mail: info@icsa.us www.icsa.us

22467301 99302850



3 PARA SAAN ANG KAHIRAPAN
اين يكون ضنك العيش

4 MAY DIGNIDAD SA MABUTING GAWAIN
يوجد كرامة في عمل الخير

6 MAKI-ALAM! KUWAIT: Anong
Ginhawa ang May Sakit sa Kuwait
ماهي السعادة التي يحصل عليها المريض في الكويت

9 MAGTAWANAN TAYO
طرائف تجالوج

10 GRADUATION - WOMEN SECTION
حفل تخريج - قسم النساء

11 ISYUNG PANGKALUSUGAN: Maginhawang
Pagtulog sa Gabi, Last Part
النوم السعيد في الليل

12 PINOY RECIPE
تعليم الطبخ - الفلبيني

13 PAANO MAKAKAMTAN ANG PANG-
ARAP HABANG NANDITO SA KUWAIT
الحلم والأمل في الكويت

14 MINDANAO TUKLASIN NATIN
مينداناو

15 TAG-ULAN NA NAMAN
موسم المطر

16 TANONG AT SAGOT: Zakah Maari Bang
Ipagawa ng Masjid, Madrasa Atbp?
سؤال وجواب


17 PAG-ARALAN ANG ARABIK Lesson 23
تعليم اللغة العربية

18 BASA A MORO
لغة مورو

20 BISAYA
لغة بيسايا

21 MAHALAGANG MGA NUMERO SA
TELEPONO
ارقام هاتفية مهمة

21 ANONG MERON SA BUWAN NG MAYO
المناسبات في مايو



Ang Pag-usapan Po Natin! Filipino Magazine ay ang monthly publication ng KPCCenter. Ang Kuwait Philippine Cultural Center ay isang kalipunan, isang kongregasyon, at isang center kung saan nagtatagpo ang mga layunin para sa kaunlaran sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga Filipino sa Kuwait, ano man ang kanilang relihiyon, tribo, at kasarian. Ang layunin nito ay upang makapagtatag ng isang sentrong pangkultura at pang-edukasyon upang tangkilikin ang lahat ng maiinam na kultura at mga anyo ng edukasyon. Ito rin ay nakikipagkasundo, at lahat ng mga gawain nito ay sa pamamaraang tuwiran at katamtamang pakikitungo, na nag-aanyaya sa lahat upang sama-samang makapagtatag ng bukas na mga tala-kayan tungkol sa lahat ng aspeto ng pamumuhay.

Ang mga nilalaman, pananaw at mga opinyong nailathala sa magazine na ito ay di kailangang kumatawan ng KPCCenter, kahit pa ito ay isinulat ng isang empleyado nito. Ang lahat ng pagsisikap ay ginagawa upang maiwasan ang pagkakamali sa mga impormasyong nilalalaman ng mga artikulo, ngunit, walang pananagutan kahit anuman ang maaaring ipagpalagay sa magazine na ito o sa tagapaglathala nito, ang KPCCenter.

Para sa mga komento at mga katanungan, magpadala ng e-mail sa:

pagusapan@gmail.com

FILIPINO MAGAZINE PO NATIN!
PAG-USAPAN

Chief Patron
Mohammad Ismail Al-Ansari
Editor
Ullessis F. Abaya
Columnists:
Joselito Tabing
Joshua Barbas
Abdul Qadir Laja
Issa Mohammad Tragua
Ust. Abubaidah Salud Satol
Ust. Marouf Baraguir Ali
Ust. Wahibie Tamama
Ust. Muslimin Palami Bhiruar
Mailyn Rodriguez
Usta. Pahima Guiabal
Usta. Halima Mantawil

Review and Approval Committee
Ust. Marouf Baraguir Ali
Ust. Muslimin Palami Bhiruar
Bro. Muhammad F. Sumaway
Bro. Ahmad Yusuf Abaya
Usta. Halima Mantawil

Designer
Nader Bellal
PUBLISHED BY
KPC Center
Farwaniya, Block 1
Street 74 corner Street 72
Building 12
Phone 24712574, 24756796
Fax (965) 24712574 (102)
Hotline: 97802777
www.kpccenter.com
www.pagusapan.com

Khalid Abdullah Al-Sabea
General Director
Ust. Marouf Baraguir Ali
Head, Men Section
Usta. Halima Mantawil
Head, Women Section

ipc



مؤسسة زخرف للإعلان
Zukhruf Advertising Agency





PARA SAAN ANG KAHIRAPAN



Bakit mayroong kahirapan sa mundo at maaari ba nating maiwasan ito? Sa loob ng maraming henerasyon, ang mga tao ay sinubukang mahanap ang mga kasagutan sa mga katanungan. At dahil sila ay patuloy pa rin sa paghahanap hanggang ngayon ay isang patunay na hindi pa rin natagpuan ang kasiya-siyang sagot. Sinubukan ng bawat isa na hanapin ang kanyang sariling mga kasagutan mula sa iba't-ibang mapagkunan ng impormasyon. Lahat sa atin ay nagkakaroon ng sariling mga pananaw sa mundo, gamit ang mga inaakalang pinaka-maaasahang diskarte bilang gabay. Ang tanong tungkol sa kahulugan ng buhay ay nadagdagan pa ng isang mas global na kawalang-kasiyahan sa pang-araw-araw na paghihirap: Para saan ang ating paghihirap? Sa tanong na ito, hindi tayo naging kontento, kahit na ang mga pang-araw-araw nating mga ninanais ay nagbigay sa atin ng pansamantalang kasiyahan. Kahit na makuha man natin ang ating mga layunin, di magtagal, mararamdaman nating muli ang sama ng loob. Kung tingnan natin ang mga nakaraan, makikita natin ang haba ng panahong ginugugol natin upang makuha ang mga bagay na ninanais, ngunit ang balik ay ang pagtanggap ng katiting lamang na kasiyahan. Sadya bang ganito ang buhay? May paraan ba upang maunawaan natin ang tunay na layunin ng ating paghihinagpis? Ito ang mga bagay na dapat natin malaman ngayon. Kasama na rito ang pagtuklas ng isang uri ng layunin na kayang magbigay ng bawat isa sa atin ng liwanag upang magsilbing gabay sa ating paglalakbay sa mundong ating ginagalawan.

Ang lahat ng bagay na umiiral dito sa mundo, lalo na ang mga negatibong mga bagay, ay kinakailangan hanggang maituwid natin ang ating mga sarili. Ang isang tao ay uusad lamang ng pasulong kapag siya ay nakaramdam ng pangangailangang iwanan ang kanyang kasalukuyang kalagayan, dahil masama ang kanyang naramdaman dito. Ang kahirapan ay nagbibigay sa atin ng pagkakataong matoto upang maging bihasa sa iba't-ibang antas ng ating pamumuhay at gumawa ng mga hakbang upang hindi na muli danasin pa ang mga di kanais-nais. Sinasanay nito ang ating mga sarili upang makita ang mga layuning nasa hinaharap ng mas maaga, at ang magiging bunga nito. Ang sama-samang paghihirap ay maaaring magbubunga ng sama-samang paghahanap ng solusyon at nagbibigay daan upang tayo ay magkakaisa. Sa kasong ito, ang isang tao ay uusad papunta sa kanyang mga layunin at nanaisin niya ang mga ito ng taos-puso, at gumagalaw siya ng pasulong, sa halip na hayaang ang kahirapan ang magtulak sa kanya papunta dito. Samakatuwid ang kahirapan ay mayroong kadahilanan. Sisiguradohin lang natin na ang paghihirap at ang aral nito ay lubos na naunawaan upang tuluyan nang maiwasan ang paghihirap muli. (ullessis@yahoo.com)



MAY DIGNIDAD SA MABUTING GAWAIN



Kung magmamasid ka sa paligid, mapapansin mo na iba't-iba ang gawain o trabaho ng mga tao sa lipunan. May nagtatrabaho sa opisina, sa paaralan, sa pabrika. Ang iba naman ay sa lansangan mo makikita tulad ng mga traffic aide, vendor, tsuper at marami pang iba. Masasabi mo bang mabuti ang isang trabaho kapag maganda at fully-airconditioned ang lugar ng pinagtatrabahuhan? Kapag naka-kurbata o naka-high heel shoes? Kapag malaki ang suweldo? Ano ang batayan para ituring na mabuti at may dignidad ang isang trabaho?

Madalas, binibigyang dignidad natin ang trabahong “class” at may mataas na suweldo. Iba ang tingin ng nakararami kapag sa Makati o sa Ortigas namamasukan ang isang tao. Kapag mataas ang posisyon mo sa isang kompanya o sa isang ahensya ng pamahalaan, iba ang pagtingin sa iyo ng madla. Subalit tama nga bang gamiting batayan ang mga ito? Hindi masamang maghangad ng mataas na suweldo, o ma-promote sa isang mataas na puwesto, mahalaga din ang mga iyan, ngunit ang isiping ito lamang ang tanging batayan... hindi tama iyan.



May dignidad ang anumang mabuting gawain sapagkat ang taong nag-sasagawa nito ay natatangi, hindi tulad ng makina o robot. Bawat tao'y may sariling tatak. Sangkot ang kanyang buong katauhan sa bawat gawain kanyang isinasagawa. Nakapaloob sa kanyang paggawa ang kanyang puso at isipan; ang kusang loob na pagnanais na mapaganda at mapabuti ang kanyang ginagawa. Magkatulad ang ibig sabihin ni Papa Juan XXIII sa kanyang Address to All Workers of the World noong Mayo, 1960 at ni Papa Juan Pablo II sa kanyang Laborem exercens. Ayon sa kanila, sa paggawa nagiging kaisa ng Diyos ang tao sa misyong pamahalaan ang mga bagay na nilikha Niya. Sa paggawa nagiging produktibo ang tao. Nakapagdudulot siya ng kapakinabangan at kabutihan hindi lamang para sa kanyang sarili, kundi maging sa kanyang kapwa. Ito ang pinaguugatan ng dignidad ng paggawa. Dahil dito, walang maliit na trabaho kung ito'y ginagawa nang buong puso, buong kabutihan at buong husay. May dignidad ang anumang uri ng mabuting gawain.





DANGAL SA GAWAIN

Si Lino ay isang manggagamot sa pampublikong pagamutan. Sa araw-araw, maraming pasyente ang kanyang nabibigyan ng atensyong medikal. Maligaya siya sapagkat alam niyang sa pagtatapos ng bawat araw ay may tulong siyang nagawa sa kanyang kapwa. Marami siyang kasamahan na humihikayat sa kanya na mag-aral ng nursing at mag-apply ng trabaho sa ibang bansa sapagkat higit na malaki ang suweldo doon kaysa sa tinatanggap niya sa pagiging doktor. Hindi siya nakuha sa panghihikayat sa kanya.

Si Mang Enteng, 60 taon na at nakapaglingkod na rin ng may 30 taon bilang janitor sa pagamutang pampubliko na siya ring pinapasukan ni Dr. Lino. Kahit hindi kataasan ang kanyang tinatanggap na suweldo ay masaya siyang naglilingkod sa pagamutan. Marami na siyang naging kaibigan sa tagal ng panahon ng kanyang paninilbihan dito. Alam niyang malaki ang naitutulong niya sa pagpapanatili ng kalinisan sa pagamutan. Hindi niya ikinahihiya ang kanyang pagiging janitor.

Si Elmer, nagtatrabaho bilang garbage collector o taga-kuha ng basura na naka destino sa ospital na pinagtatrabahuhan ni Mang Enteng. Araw-araw niyang hinahakot ang mga basurang galing sa mga silid ng ospital gayundin ang mga basura mula sa operating room. Sa incinerators dinadala ang lahat ng hospital waste at doon sinusunog upang hindi na kumalat ang mikrobyo. Sa tagal ng panahon na ginagawa ito ni Elmer ay sanay na sanay na siya. Tulad ni Mang Enteng, marami na siyang kaibigang mga katrabaho sa ospital. Ang ilan nga sa mga doktor at nurses ay ninong at ninang pa ng kanyang anak.



Isa sa pinakamasayang taong nakilala ko ay iyong lalaking nagtatrabaho sa isang car wash station malapit sa dati naming tirahan. Hindi siya mekaniko, hindi mataas ang posisyon niya sa lugar na iyon. Ang trabaho niya 6 na araw sa isang linggo ay maglinis ng mga maruruming sasakyan. Kung makikita mo siya sa pagtatrabaho ay hahanga ka, maligaya siya habang nililinis ang maruruming salamin at gulong ng sasakyan. Buong husay niya itong ginagawa. Kapag natapos na, ay wala kang makikitang bakas ng alikabok o dumi sa sasakyang kanyang nilinis. Napakahusay niya sa kanyang gawain.

May kasabihan sa wikang Ingles “What the world needs, and what God needs, is not so much people who can do extraordinary things, as people who can do ordinary things ordinarily well.” (Halaw mula kay W.M. Barclay, Project EASE, bse.portal.ph)





Maki-Alam!

Ni Joshua Yusuf Barbas

ANONG GINHAWA ANG MAY SAKIT SA KUWAIT

Siguro narinig na niyo ang mga punang tulad nito, ayon sa ilang mga Kababayan natin sa Kuwait; "Pag-uwi ko na lang sa 'Pinas saka ako mag-papaopera!" wala akong tiwala sa mga doctor dito sa ministry!" "Puro lang naman panadol ang prescribe ng hospital dito!" anong may sakit sinong may sakit malakas pa ako, kaya ko pa mag-10 years sa Kuwait!" Maraming mga Kababayan natin na talaga namang ito ang nagiging katwiran, na kadalasang kung ating inumungkahi ang pagpapatingin o pagpagamot dito sa Kuwait na para malunasan ang kanilang mga karamdaman, ang ilan nama'y mas gusto pang dumiretso na lamang sa mga botika at mag tanong kung anong gamot ang magiging mainam sa kanilang kalagayang pangkalusugan. Kaya naman madalas ignore 'nga talaga ang mga pagamutan dito, lalu na ang mga Government hospitals, pero majority pa rin naman ang umaayon sa mga serbisyo ng mga nasabing paggamutan dito sa abroad, tulad na lamang ng mga sitwasyon ng mga nagdadalang-tao o mga buntis lalu na kung dito na nila isisilang ang magiging anak, o kaya naman sa ilang mga nangangailangan ng health certificate every year nilang inaasikaso dahil sa ang mga ito'y requirements sa Baladiyah para makapag-trabaho ayon sa batas ng bansang ito lalu na sa mga namamasukan bilang mga crew, barista, caterer o anupamang mga food handlers na ating mga Overseas Filipino Workers o OFW's at pati maging ibang lahi siyempre.

Usaping hospital, sakit, maintenance na gamutan, mga regular na pagpapatingin sa mga bata sa mga clinic, maging dental check-up na maintenance every year, at iba pang tulad nito, ang tema ng kwentuhan natin ngayong buwan sa ating Maki-Alam series. Una Alhamdulillah, maraming salamat sa Tagapaglikha at maraming salamat din sa mga nagbigay ng idea sa akin nito, na mga taga Maliya o City na tambayan sa UTC d'yan

ng ating mga magigiting na drivers o transports, sa susunod ang kwento ninyo abangan lang, sa ating lingguhang pag-iikot sa Kuwait na talagang maituturing na isang pagsubok sa ating mga OFW's ang magkasakit ang iba'y nagkakaroon ng seryosong karamdaman, isa sa problema na daing na ating mariring ay papaano na kung walang mag-aalaga sa atin, pero sa ilan namang naka-usap natin, ito ay gusto nilang kalagayan para daw may sick leave sa trabaho. Tunay na iba-ibang puna o mga idea ang makukuha nating usapin sa mga 'Pinoy na handang ibahagi ang kani-kanilang mga kwentong-buhay sa usaping ating napili.

Isa na dito si Kuya Dante ng Ilocos Sur, taga-Subhan sa accommodation ang pirmihang inuuwian sa Kuwait at pamilyado sa kanilang probinsiya sa tagal na 15 years bilang Mekaniko sa isang sikat na Company dito at napabilang na rin sa mga listahan na maging veterans o senior citizens sa abroad kaya naman puspusan na ang ginagawang routine checkup para sa sakit niya sa kasalukuyan, kaya every month lagi maaga pa lamang ay nasa pila na siya sa Farwaniyah Hospital para maagapan ang serious na sakit, na regular tinitingnan ang lagay ng sugar, cholesterol at iba pang mga importanteng routine ng buwanang bisita sa nasabing pagamutan. Ito ay natamo n'ya noon pa mang siya ay malakas pa at 'di pa maingat sa kalusugan, bawal ang alak sa Middle East pero 'di alintana sa kanya ito, sa dahilang kabisado niya ang timpla ng sadiqe o homemade na alak, na ayon sa history ay ginagawa ito noon ng mga Thaiandi at Koreano dito sa Kuwait at ilang panig ng Middle East, na namana naman ng ating mga Kababayan na mahilig mag-barik o uminom. Kaya 'nga ito ang naging bonus - ang sakit sa kidney at baga ang naging pension ng ating mag-3 years na ring sinumpa na ang bisyong ito pati sigarilyo ay kali-wali! (tama na at ayaw na), madiing sagot pa niya. Sa usaping serbisyo naman ng



Hospital dito ay okay naman ika 'nga niya at ang karagdagan lang niya kadalasan ay 'di lang talaga maalis sa ating mga ugali ang mapanghusga sa ilang 'di kalahing mga manggagamot kaya naman sinasabi agad, wala naman silang alam o 'di naman sila qualified sa pagiging manggagamot, pero sa kanyang naging kalagayan at nabigyan ng atensiyong medical dito ay maayos naman at maigi ang naging proseso ng kanyang mga palagiang gamutan at maintenance sa nasabing lagay niya na pinapatingin sa mga mangagagamot dito.

Sang-ayon din itong si Kapatid na Ate Midas na tubong Cebu may asawa at 2 anak, namamasukan sa isang Travel agency o ticketing office sa Kuwait City at nakatira sila sa Sharq, 5 taon na ring suki sa Amiri Hospital kahit pa man ngayon na may mga anak na, praktikal siya at dito sila ng buong kaanak niya nagpapatingin sa anumang mga kalagayang medical na dapat ipasuri, ayon sa kanya magastos ang private hospitals o clinics dahil naman hindi tayo limpak-limpak kung sumahod dito sa abroad, kaya kung praktikal at marami kang pasanin sa mga budget tulad nitong usaping pangkalusugan maging mapanuri, 'di lamang sa mga gastos bagkus sa atensiyong medical na ring ibinibigay na serbisyo ng bawat kinukonsultuhan o pinapa-checkup marami talagang maririnig sa mga Kababayan na 'di daw magaling ang mga serbisyo ng mga ibang lahi sa ating mga expats lalu na sa mga Asians kung susuriin ng mga Arabong doctors o maging mga nurses, pero mag-observe tayo maraming mga Kabayang handang tumulong o hingan ng payo para ma-assist sa bawat Hospital na ating tutunguan, at 'di lang batid ng ilan na maraming hired na ring Doctor na Kababayan natin dito sa Kuwait, pama-Dentist o Head Nurses ng bawat ward ng mga ICU o Intensive Care Unit at sa mga ward na rin ng mga Maternity Department ng bawat Hospitals dito sa Kuwait, 'di lang talaga maalis ang manghusga ng bawat isa sa atin pero sana din naman iniisip ng bawat isa na minsan ang kalagayan narin nating 'di magkaunawaan sa lenggwahe kaya 'di masabi ang tunay na lagay ng katawan o kalusugan at minsan tayo ay talagang tiwala lamang na gagaling sa gamot na sana isaisip din na mas maging aware sa sarili na 'wag na nating hintayin ang magkasakit, ngayon pa lamang malakas tayo ay puspusan ang tamang pagkain, bitamina, konting exercise lalu na pag may time i-refresh ang sarili isama ang pamilya mag-picnic sa labas para naman makalanghap ng sariwang hangin pero aware kung may sandstorm ah, baka naman asthmahin tayo n'yan.

Ang punto na pwede nating maipayo sa lahat magpakonsulta sa doctor kung 'di satisfy pa checkup ulit sa ibang specialist. Pero ang isiping 'di naman magaling ang lahing ito na titingin sa aking sakit, siguro ang masasabi natin nito ay tayo 'nga ay may sakit.

Si Caloy isa sa mga naging suki na sa isa sa mga Private Hospital sa Maidan Hawally, kahit pa siya ay taga Jabriyah kung saan marami ring hospital na pwedeng tunguhan doon ay dito pa siya nagtutungo para regular ang pagpapatingin sa sakit sa balat. Sa Dermatologist na doctor ang laging tumitingin sa kondisyon niya ay 'di alintana sa kanya ang malaking charges ng isa sa malaking private clinic dito na makikita sa along 4th Ring Road. Tubong Zambales si Bro. at dahil Mechanical Engineer sa isang malaking company sa Sulaibikhat at doon siya nadisgrasya sa gamit na chemical sa kanilang warehouse na panggawa ng plastics, dahil sa 'di inaasahan ay nadulas siya at nabagsakan ng mga gamit na may halong chemicals na nakapinsala sa kanyang rightside ng likod hanggang hita, kaya puspusan ang pagpapatingin niya sa espesiyalistang Doctor sa balat, 'di naman siya ang gumagastos kundi Company nila, kaya nasabi niyang ang ginhawa sa bulsa at sa kalagayan niya na kung uuwi siya sa atin malaking gastusin ito at siguro mauubos lang ang indemnity bonus niya sa mga bayaring pang-medical. Kaya pratikal move din na ginagawa niyang dito na lamang ang pagpapa-konsulta sa naging lagay niya. Isang taon na ring therapy ang ginawa na sa kanya, kaya papabuti na ang lagay niya at tuloy pa rin sa trabaho pero puspusang ingat na talaga ngayon dahil medyo may trauma pa sa nangyari na almost less than 2 years na rin ang aksidente na naganap sa trabaho niya. Sa usapin namang serbisyo sa government hospital dito ay maayos at mahusay naman ang treatment nila sa akin dahil 1 and half months din siyang na-confined sa Mubarak Hospital ay maayos naman siyang sinuri at nagamot doon kaya nasabi niya at walang dapat ipagduda ang ilan na 'di maayos ang magpa-hospital dito sa Kuwait. Wala namang nakakaalam kung kelan tayo magkaka-sakit o magkakaroon ng pangangailangang medical para masabi na 'wag nalang dito sa Kuwait kundi sa Pilipinas nalang, eh kung emergency na wala ka nang choice kundi dito din tayo itatakbo o ipapa-konsulta. At para sa mga 'di naman siguro asap o agarang atensiyong gamutin, sa mga sakit na pwedeng ipatingin na lamang sa ating bansa tandaang tiyak na ang mga charges doon ay isa ding dahilan kaya ka lalong magkakasakit ka sa bulsa o kaya



naman siguro pag nalaman mo ang malaking presyo ng bawat hospital lalu na sa private din sa atin baka sabihin mo na lamang ay 'magaling na ako, wala na akong sakit!'

Si Ate Anita naman ay 20 years na next year sa Kuwait, Bulacan ang lugar na kinalakihan pero sa Cavite na sila ng asawa niya nakabili ng bahay at lupa, may anak na nag-aaral sa College sa kasalukuyan at nalaman niyang nito lamang ilang taong nakaraan na mataas pala ang sugar o may diabetes pero naagapan ng regular na gamutan at checkup dito, sa magandang trabaho sa isang opisina 'di naman sila mahigpit about kung may sakit ka kaya ito talagang naging maginhawa sa lagay niyang palagiang magpatingin sa Clinic sa Sawaber every month at walking distance lang sa bahay niya sa nasabing lugar sa Kuwait. Dati-rati sa private doctor siya nagpap-konsulta pero talagang mahal ang budget doon, naubos lang ang loan sa ibang gastos sa pagpapattingin sa sakit at mga mahal na gamot, kaya lumaon nasanay na rin sa government hospitals at considered naman niyang parehas din pala, kasi naman ang doctor niya noon sa private clinic ay parehas na naging doctor niya sa nasabing hospital. Kaya alam ng nasabing specialist ang history ng kalagayan niya. Parehas lang talaga tunay na nasa isip ng iba ang 'di daw mahusay ang public hospital sa private, actually parehas kung mapapansin at kung susuriin magkatulad ding advance sa mga apparatus, mga kagamitan sa hospital o technology at system na gamit ng bawat ahensiyang pagamutan, siguro kung mayroon mang mga 'di qualified sa mga nasabing serbisyo ng bawat doctors o nurses o iba pang mga tauhan ng hospital, sigurado namang sila ay bumabase sa diagnose ng bawat sakit para makita ang condition ng bawat kalusugan o

sakit natin kaya iisa din naman ang uuwian nag-iiba lang sa lagay ng presyo ng gamot sa private at minsan pa ikaw ang bibili nito, sa public o government clinics o hospital stamp lang na 1 or 2 KD enough na may libreng pharmacy pa o kuhaan ng mga naka-resitang gamot, talagang abot-kaya kung susuriin.

May laya ang sinumang pumili para sa kanyang atensiyong medical kung gusto niyang magpasuri sa bawat nagugustuhang serbisyo, siya ang pwedeng masunod doon pero tandaan sa bawat isa sa atin mas dapat focus din tayo sa kalagayan nating pinansiyal kung makakaya ito, siguro kung tulad lang tayo ni Engr. Caloy na libre ng kanyang company ang service ng hospital ay mas ok sana pero kung ordinary lang tayong expat sa abroad ay mag-isip isip din sana tayo.

Ending part na naman ng ating soap novella este, kwentong buhay-OFW sa Kuwait na sana ay nakapag-iwan ng mga inspirasyon, konting kaalaman at aral sa mga salaysayin ng mga Kababayan natin sa kanilang mga ibinahagi. Maraming salamat sa inyo mga Kapuso at Kapamilya sa inyong pagtitiwala sa aming adhikaing magbahagi at ikwento dito sa buwanang serye natin. At doon sa mga gustong ibahagi ang kani-kanilang istoryang-Kuwait tuloy-tuloy lang ang ating koleksyon at email lang po sa inyong lingkod sa j8shua_2020@yahoo.com o mag-chatting lang tayo sa FB o Facebook sa parehas na account name po para sa mga susunod na ating artikulo para sa susunod kayo naman ang bida dito sa ating mga serye. Salamat at Masalam!

TRIVIA:

Ang Liberation Tower ay ang pangalawang pinakamataas na istrakturang tower sa bansang Kuwait. Sinimulang itayo ito bago pa man dumating sa estadong bansa ang mananakop na Iraq noong August 2, 1990. Dapat ay tatawaging The Kuwait Telecommunications Tower ito na natapos itayo noong 1993 at tuluyang tinawag na Liberation Tower na sumisimbolo sa naging kalayaan ng bansa noong February 27, 1991 sa natamong pananakop ng Iraq. Mayroong itong revolving restaurant (umiikot na restaurant) at malaking observation platform, para makita sa mataas na bahagi ang malawak na bansa, maraming radio at telecommunication offices ang makikita sa loob ng tower. Ngunit sa kasalukuyan ay sarado sa mga publiko dahil sa security reason. May taas na 372 meters high (1,220 ft) ang unang disc-shaped pod (unang palapag na hugis kabute o umbrella) at ang ikalawang pod nito ay nasa taas na 308 meters high (1,010 ft). Ito ay hawig sa istraktura din ng CN Tower (Canada's National Tower) ng Ontario, Canada. <http://en.wikipedia.org>



MAGTAWANAN TAYO

(Kung natawa ka na noon, tawa na ulit ngayon...)

Ni Issa Mohammad Tragua e-mail: jorgetragua@yahoo.com



TEACHER: magpapa-class picture tayo para paglaki nyo, sasabihin nyo:

«wow si dodong police na, wow si inday teacher na, wow si tomas doctor na,

JUAN: wow si mam! PATAY NA..

TEACHER: umupo ka.. wag kang sasali!

Ang Alamat ng WAKA-WAKA.

Noong unang panahon, sina Pedro at Juan ay gumagawa ng home-work sa Geography. Nainis si Pedro kasi hindi makita ni Juan ang Africa sa mapa.

P: (kinukuha ang mapa) Amin na, mina.

J: Eh eh, wag ka wag ka, eh eh.

P: Amin na, mina. Sa kalewa.

J: Alam na, Ah ah.

P: Amin na, mina.

J: Eh eh. Wag ka, wag ka. Eh eh.

P: Amin na, mina, sa kalewa. coz this is africa

Manny: nay, ilang liters ang 5000ml na pepsi?

DiOnesia: 5 anak.

Manny: shur ka nay?

DiOnesia: yis bebe. Liter P, E, P, S, I = 5 liters

Bulag at duling magsusuntukan!!

Bulag: hayop ka duling!! lumabas ka dyan.. wag kang magtago sa dilim!!

Duling: in your dreams!!! bakit ako lalabas eh dalawa kayo!!!

Ma'am: use LOW in a sentence.

Pedro: My cellphone is LOWbat.

Ma'am: Very good! Kaw Juan the same word.

Juan: My brief is LOW-wang.

Ma'am: wrong!!

Juan: tama ma'am kahit silipin mo pa

Host: Miss Bulgaria!

Miss Bulgaria: Yes?

Host: How old are you?

Miss Bulgaria: Im 20 years old.

Host: What would you be expecting after 5 years?

Miss Bulgaria: I'd be 25.

DAD: anak bading ka ba?

SON: aba dad alam nyo ba na takot sa akin ang mga classmates ko? Respetado ako sa school.

DAD: talaga anak?

SON: Oo dad! tawag nga nila sa akin... MA-HAL NA REYNA

Ama: Bakit ka umiiyak?

Anak: Pumasa po kasi ako sa test. Huhuhu!

Ama: Aba, magaling! Anong subject yun, anak?

Anak: Pregnancy test po itay!

Juan: Oy, ano yan? Pinya? Pahingi nman.

Pedro: Pahingi? Nasaan ka nung ngbu2ngkal ako ng lupa sa ilalim ng init ng araw? Nasaan ka nung ngtatanim ako hbang kumukulog, kumikidlat at bumubuhos ang ulan? Nsaan ka nung oras na ng-aani ako na ngkalat ang mraming ahas sa daanan ko, nung naghihirap ako sa pgpasan ng pinya? Nasaan ka?

Juan: Nakulong kasi ako noon! Nakaptay ako ng madamot!

Pedro: ganun ba? Kuha ka na, kahit ilan! May langka pa dun!



GRADUATION, Class of October 2010 to January 2011





Isyung Pangkalusugan

Paano Matatamo ang mas Maginhawang Pagtulog sa Gabi - Last Part



IWASAN ANG 'CAFFEINE'. Ang drogang ito ay matatagpuan sa kape, tsaa, kakaw, inuming may kola, maging sa ilang mga gamot na nabibiling walang reseta. Ang pag-inom ng caffeine bago matulog, o ang pag-inom ng sobrang caffeine sa umaga ay magdaragdag sa silakbo ng enerhiya at sa pananatiling gising at magpapahirap lalo sa iyong makatulog. Anumang caffeine na ininom lagpas ng mga alas 4 ng hapon ay makakaapekto pagsapit sa oras ng iyong pagtulog.

IWASAN ANG NIKOTINA (NICOTINE). Ang nikotina ay gumaganyak sa sistema ng nerbiyos sa pamamagitan ng paglalabas ng hormone na tinatawag na 'adrenaline.' Ang adrenaline ay gumigising sa katawan at isipan upang mag-ing listo ka at handang kumilos. Ang paninigarilyo bago matulog ay nagdaragdag ng enerhiya at sigla sa mismong oras na nais mong magrelaks at humanda sa pagtulog. Kaya't huwag maninigarilyo ng mga isang oras bago matulog upang ang mga nagaganyak na epekto ng nikotina ay mawalan ng bisa.

IWASAN ANG SOBRANG ALKOHOL. Isang laganap na paniniwala na ang alkohol ay makakatulong sa iyong makatulog kung ikaw ay ninenerbiyos at nangangamba. Isa o dalawang baso ng alak sa gabi ay maaaring makatulong na makarelaks sa iyo, ngunit sa pangkalahatan, ang regular na pag-inom ng marami sa gabi ay magiging dahilan upang ikaw ay lalong hindi makatulog. Habang ang alkohol sa iyong sistema ay umepekto, magigising ka nang mas madalas at mas maikli ang oras ng iyong mahimbing na tulog. Kung ikaw ay umiinom ng regular, mapupuna mong pinanghahawakan mo sa alkohol ang pagpawi ng iyong mga pag-aalala at matulungan ka sa pagtulog. Hindi ka lang manlalata kinabukasan dahil sa alkohol, dahil ninakawan ka ng masarap na tulog, malamang na bumalik rin ang iyong mga pag-aalala na buong araw mong iisipin at lalo ka lamang mahihirapang makatulog sa gabi. Ang alkohol ay hindi sagot sa mga suliranin sa pagtulog, kaya't huwag iinom nito bago ka matulog.

IWASAN ANG MGA PILDORAS NA PAMPATULOG. Ang paggamit ng mga pildoras na pampatulog sa mahabang panahon ay nagbubunga ng mga suliranin na kasingdami rin ng tinutugunan nito. Bagama't ang mga pampakalmang taglay nito ay makakatulong sa iyong makatulog at makababawas sa iyong mga pag-aalala sa maikling panahon, ang mga benepisyong ito ay maglalaho sa katagalan kapag ipinagpatuloy mo ang regular na pag-inom ng mga pampakalma. Sa patuloy na pag-inom ng pildoras na pampatulog. Magiging lalong mahirap rin na itigil ang paggamit nito dahil magbubunga ito ng mga 'withdrawal effects' o sintomas ng pagpigil. Ang paghinto sa pag-inom ng mga pildoras na pampatulog ay maaari ring maging dahilan ng pagkakaroon ng mga panaginip na parang buhay na buhay at ng mga bangungot. Kung ikaw ay umiinom ng mga pildoras na pampatulog o gumagamit paminsan-minsan nito, makinig sa mga babalang ito at huwag gawing regular ang paggamit nito. Kung ikaw ay umiinom ng mga pildoras na pampatulog gabi-gabi upang tulungan kang makatulog, ipinapayong makipag-usap sa iyong doktor sa pagbabawas sa iyong iniinom na pildoras na pampatulog hanggang sa makaya mong itigil ng lubos ang paggamit dito.

MAG-MERYENDA SA GABI. Ang meryenda bago matulog, gaya ng mainit-init na gatas o saging ay makakatulong sa ilan upang makatulog. Ang mga pagkaing ito ay mataas sa amino acid na tinatawag na tryptophan, na sinasabing may kinalaman sa mga epekto ng kemikal sa katawan na gumaganyak at nagpapanatili ng tulog.

Sa kabuuan, bilang dagdag sa mga mabubuting kagawain sa pagtulog na ipinaliwanang sa itaas, ang regular na ehersisyo sa umaga o maagang oras ng gabi ay magpapahusay sa gawi ng pagtulog (iwasang mag-ehersisyo sa kalamihan ng gabi). At ang pinakahuli, alamin ang mga bagay sa kapaligiran na maaaring makasagabal sa iyong pagtulog (gaya ng mga malilikot na alagang hayop o mga orasang digital na nakakagambala).

(Source: Transcultural Mental Health Care, A Division of the Diversity Health Institute)





PINOY RECIPE

Ni Sis. Um Ismael



(Iba't Ibang Luto sa Isda at Lamang Dagat)

INBUTIDONG LAPULAPU

Mga Sangkap:

- 1 kilo lapulapu
- 1 sibuyas, tinadtad
- 2 binating itlog
- 2 kutsarang pickle relish
- 2 tasa carrots, tadtad
- 4 kutsarang pasas
- 2 nilagang itlog, tadtad
- 1 kutsaritang paminta

Asin

Mantika

Arina

Empilyang pambalot

Paraan ng Pagluluto:

1. Hugasan, alsan ng balat at tinik ang isda.
2. Gilingin o tadtarin nang pino.
3. Ihalong mabuti sa lahat ng sangkap.
4. Kortehein nang pahabang bilog at balutin ng empilya.
5. Baluting muli ng wax paper o katsa.
6. Pasingawin nang 30-40 minuto.
7. Alisin ang wax paper o katsa at ipritong lubog sa mantika.
8. Palamutihan ng parsley o lemon slices o kalamansi sa bandehado.

(Iba't Ibang Luto ng mga Gulay)

LABONG SA GATA

Mga Sangkap:

- 4 na tasang ginayat na labong
- 5 tasang tubig
- 2 tasang gata
- 3 sibuyas
- 1 ulo ng bawang (dinurog)
- ½ tasa ng hipon (binalatan)
- 1 tasang gata (puro)
- Asin at paminta

Paraan ng Pagluluto:

1. Hugasan sa tubig ang labong at patuluin ito. Isantabi muna.
2. Pakuluan ang gata (hindi puro) kasama ang ginisang sibuyas at bawang at hipon (sa kaunting mantika).
3. Timplahan at saka ihulog ang labong.
4. Haluin hanggang sa lumapot at kung luto na ang labong ay idagdag ang purong gata.
5. Timplahan nang husto. Oras na nakuluan ay hanguin at ihain nang mainit.

(Source: Piling-piling Lutuing Pilipino, R.P.Nem Singh, G.V.Manaog; Isa-Jecho Publishing Inc)





SARI-SARING KAALAMAN:



PAANO MAKAKAMTAN ANG

PANGARAP HABANG NANDITO SA KUWAIT

Ni Wilfred P. Gabol, email: fred_gabol@yahoo.com

Marami sa atin ang umaasam ng magandang buhay. Umaasa na ma-i-angat sa hirap ang ating pamilya o mga mahal sa buhay. Ang iba sa atin ay di rin nakapagtapos ng pag-aaral dahil sa kahirapan. Iilan lang ito sa mga maraming dahilan para tayo ay mangibang bansa. Ganun paman, kahit na lumayo tayo sa ating mahal na bayan ay pwede parin nating maisakatuparan ang ating minimithing pangarap.

Paano ba natin maisakatuparan ang pagtugon sa ating pangarap? Gumawa ka ng hakbang at huwag matakot harapin ang mga pagsubok na maaari mong ma-encounter. Huwag ilagay sa pangarap lamang ang iyong minimithi.

Isa sa mga ninanais ng ilan sa atin ay makatapos sa pag-aaral. ANG PAG-AARAL ay sinasabing susi ng kaginhawaan. Ito ay kayamanan na hindi mananakaw nino man. Paano ba tayo makapag-aral dito sa ibang bansa? Meron pong mga paaralan na nagbibigay ng tinatawag na distance learning, at flexible ang mga schedules para sa iba't ibang kurso na pwede nating makuha. Halimbawa nito ay ang International Institute of Computer Science & Administration sa Kuwait City, na tumutulong sa ating mga Pinoy para madagdagan ang ating kaalaman.

MAG-IPON AT IBUDGET ANG PERA. Kung may luho man ang pamilya, huwag hayaang malustay lang sa wala. Siguradohin na may matitira parin sa iyo at may mapupunta sa ipon mo.

UMIWAS SA UTANG hanggat kaya. Umiwas bumili ng mga bagay na hindi importante. Gamitin ang free time (day-off) sa maganda at tamang paraan. Normal lang sa atin na magrelax o mag party-party, pero bigyan ito ng limitasyon (self-control & self-discipline).

MAG-ISIP NG PWEDING PAGKAKAKITAAN or part-time kung kaya mo itong maisingit sa oras mo. MAG-INVEST NG NEGOSYO na alam mong maganda at kaya mong mai-manage.

Dito sa Kuwait, natutuon ang ating atensyon sa trabaho. Minsan ay hindi na natin napapansin ang oras at lumipas na pala. Huwag sayangin ang oras, bagkos kung may oportunidad ay huwag palagpasin. Mag-isip, at gumawa ng hakbang kung disidido ka na baguhin ang iyong buhay. Walang mahirap kung ito ay hindi mo pa sinusubukan. At ang pagkamit sa pangarap mo sa buhay ay hindi ganun kadali lamang. Kaya dapat ay maging matatag ka at handang harapin ang ano mang pagsubok sa buhay. Higit sa lahat, bigyan natin ang ating sarili ng oras at huwag kalimutang tumawag sa Poong Maykapal.



MINDANAO: TUKLASIN NATIN

*Ni Ust. Abubaidah Salud Satol
Translator/News Editor
Ministry of Information
Kuwait*

Mga Tipikal na Prutas ng Mindanao

Ang isla ng Mindanao ay matatagpuan sa lugar na malayo sa daanan ng bagyo, na may klimang trupikal na tinatamasa ng mga taga-Mindanao sa buong taon. Ang pagsasaka ang pinakama-inam na gawain sa lugar dahil sa mayaman nitong lupain. Dahil dito, ang Mindanao ang siyang pangunahing pinagkukunan ng mga produktong pang-agrikultura sa rehyun. Mindanao ang pangunahing producer ng rubber sa rehiyun, lalo na sa mga lalawigan ng South Cotabato, Zamboanga at Basilan. Sa nakalipas na ilang taon, nangunguna ang «rubber» sa mga malalaking kumikitang produkto ng Mindanao, at dahil dito ay lalong pinaigting ang mga programa at tekniko ng mga «farmers» upang mapanatili at isulong ang industriya ng «rubber» sa Mindanao.

Ang plantasyon ng Pinya

Maliban sa rubber, sa Mindanao din ang pinakamalaking produksyon ng Pinya o pineapple. Ang lalawigan ng Bukidnon ay tahanan ng pinaka-malaking plantasyon ng pinya, at isa sa pinakamalaki sa buong daigdig, ang Del Monte. Kasunod dito ay ang Dole pineapple sa Polomolok South Cotabato. Malawak din ang plantasyon ng African oil, partikular sa lalawigan ng Sultan Kudarat at North Cotabato. Maliban sa pinya, may mga azukarerahan din sa mga lugar na ito, pastulan at iba pang mga produktong pang-agrikultura, tulad ng palay at mais.

Ang sunod na pangunahing “fruit exportation” mula sa Mindanao ay ang saging o banana. Sa katunayan, ang pinakamalaki at pinakamalawak na plantasyon ng saging ay matatagpuan din sa Mindanao. Sa katunayan, ang Mindanao ay sa Mindanao nanggagaling ang 95% ng eksportasyon ng saging ng bansa. Ang mga banana plantations sa Mindanao ay karamihang matatagpuan sa Davao del Sur, Bukidnon at Sultan Kudarat. Ang mga produktong saging ay ini-eksport sa mga bansang Russia, South Korea, Japan, at iba pang mga bansa sa Gitnag Silangan. Ang Bayan ng Davao ay naging tanyag din sa prutas dahil sa sikat na produkto nitong Durian.

Ang Durian ay higit na kilala sa magandang bulaklak nito at mabangong bunga, lalo na’t kapag ito ay hinog na. Ang durian ay tinaguriang “King of tropical fruits” at pinakamahalagang native fruit ng timog-silangang Asya at sa mga kalapit na isla. Ito ay pinaniniwalaang galing sa Borneo at Sumatra. Ang durian ay ginagamit na pabango sa mga lutong kakanin tulad ng biko, o kaya ay ginagawang Durian Jam na pinapanlaman sa tinapay.





Ni AbdulQadir E. Laja

Tag-ulan na naman

Naalala ko ang itinuro ng 'maam' namin noong sa high-school pa kami tungkol sa seasons. Ang sabi niya, "dalawa lang ang seasons sa ating bansa, ang dry season at rainy season. Ang rainy season ay sa mga buwan ng June hanggang November. Pagsapit ng December ay dry season na. Kahit wala nang ulan, malamig pa rin ang panahon hanggang February, lalo na sa mga lugar sa north ng ating bansa. Ang pinaka dry season natin ay sa mga buwan ng March hanggang May, ito ang panahon ng tag-init, tinatawag nating summer. So, ang tag-ulan ay nag-uumpisa sa June, sa umpisa din ng klase sa mga paaralan".

Malapit na po ang tag-ulan! Ilalabas na naman ang mga payong. Masaya na naman ang mga batang mahilig maglaro sa ilalim ng ulan. May mga batang tuwang-tuwa na maramdaman ang patak ng tubig-ulan na nanggagaling sa langit. Habang pinagmamasdan at pinagtatahan ang ulan, sila naman ay tatawagin, pagagalitan ng kanilang mga nanay (o tatay), at pumasok na sa bahay, "baka kayo ay magkasakit!"

Marami ang natutuwa sa panahon ng tag-ulan. Ngunit may ilan ding naiinis, kaya mayron tayong naririnig na nagsasabi "ano na ba yan! ulan nang ulan!" Naiinis dahil basa ang mga damit sa sampayan, dahil sa ibang araw na lang ang "outing", naiinis dahil madulas ang mga daan (lalo na sa probinsya). Kung ang iba ay naiinis, masaya naman ang mga pamilyang magsasaka sa kanilang mga kubo. Habang pumapatak ang ulan, pinagsasaluhan ang mabangong kanin, ang mainit at masarap na sabaw ng sardinas na may talbus ng kamote. Masaya dahil madidiligan na ang tigang na lupa, maging maganda na ang tubo ng mga pananim.

Dapat nga pala tayong magpasalamat sa biyaya na dala ng ulan. Dahil naging maganda ang harvest nating gulay, prutas, palay, at iba pa, dito nanggagaling ang tubig na ating iniinom. Naalala ko tuloy ang sinasasabi ng Qur'an (56:6870-) tungkol dito. "Nakikita ba ninyo ang tubig na inyong iniinom? Kayo ba ang nagpamalisbis (nagpaulan) nito mula sa mga ulap o Kami ba ang nagpamalisbis (nagpaulan) nito? Kung aming ninais ay magagawa Namin ito na maging mapait (at maalat na hindi maiinom). Bakit nga ba kayo ay hindi nagbibigay-pasalamat (sa Diyos)?"



Mga sagot ni Skh. Abdulhadie Gumander na
itinala ni Bro. Abdullah Tabing

TANONG AT SAGOT

Ang Zakat ba ay maaring
ipagawa ng Masjid o Paaralan,
o pansahod ng mga Uztadz



Tanong: Ang Zakat ba ay maaring ipagawa ng Masjid o Paaralan, o pansahod ng mga Uztadz?

Sagot: Bismillah, Alhamdulillah Wassalatu Wassalamu Ala Rasulillah, Waala Alihi Wasahbihi Waba'd. Una, walong klase (sinif) lamang ang nabanggit sa banal na Qur'an na nararapat pagkalooban at tumanggap ng Zakat, sa Surah Al-Taubah 9:60. Dahil doon nagkaisa ang mga pantas sa Islam na ang mga Muslim ay nararapat na tumanggap ng Zakat kung sila ay makakabilang sa walong klase na nabanggit, pati na rin ang hindi mga Muslim kung sila ay sinasanay ang kalooban o inaasahang maakit sa Pananampalataya batay sa ikaapat na klase na nabanggit (Mu'allafat Qolubohom). Kaya, wala tayong nakikita na kasamaan kung ipagkaloob ang Zakat sa mga Ustadz o mga nagtuturo sa Madrasah (Islamic School), gayundin sa mga estudyante kung sila ay makakabilang sa mga maralita at dukha, na una at ikalawang klase o sinif na nabanggit (Al-Foqara at Al-Masakin).

Tungkol naman sa paggawa ng Masjid o Madrasah ay isang isyu na hindi napagkaisahan ng mga pantas, sa dahilang hindi nila pagkakaisa sa kahulugan ng ikapitong klase o sinif, ang DAAN SA ALLAH (Fi Sabilillah). Nagkaiba ang mga naunang pantas kung ang Fi Sabilillah ba nauukol lamang sa mga gastusin sa Jihad o sa mga Mujahideen o mga nakikipaglaban alang-alang sa Allah o kaya ay pati na rin sa mga bagay na maituturing na daan sa Allah kahit hindi lamang sa Jihad. Nabanggit nina Sheikh Abdulaziz Bin Baz, Al-Sheikh Mohammad Salih Bin Al-Uthaimin at Al-Ramli (Kaawaan sila ng Allah) ang pagkakaisa (Ijmaa) ng mga pantas na ito ay nauukol lamang sa Jihad. Si Al-Qortubi ay nagsabing ito ay nauukol lamang sa mga nakikibaka (Guzat). Si Ibn Al-Jawzi ay nagsabing ito ay nauukol lamang sa mga nakikibaka at kumakanlong sa lugar ng mga Muslim (Guzat at Murabiton). Si Abu Hayyan Al-Andalusi ay nagsabing ito ay nauukol sa Mujahid. At si Al-Tabari ay nagsabing ang katwiran ay sa pakikibaka sa di nananampalataya. Kabilang sa mga pantas na ito ay sina Abu Hanifa, Maalik at si Al-Shafiee (Kaawaan sila ng Allah). Ang mga nagsabi namang ang Fi Sabilillah ay hindi lamang nauukol sa Jihad o pakikipaglaban ay sina Al-Shasi ayon sa nabanggit ni Al-Razi at si Ishaq Rahawaih, at ayon sa kay Ahmad Ibno Hambal (Kaawaan sila ng Allah) pumasok dito ang Hajj. Banggitin natin ang mga nakalabas na fatwa tungkol sa Zakat kung ito ay maaring gamitin sa paggawa ng Masjid at Madrasah.

HINDI MAAARI. Ayon kay Al-Sheikh Ibn Baz, Al-Sheikh Mohammad Salih Al-Uthaimin (Kaawaan sila ng Allah.) At mayroong nagtanong sa Committee ng Al-Ifta, Ministry of Al-Awqat and Islamic Affairs sa Kuwait tungkol dito at ang sagot nito ay; hindi maaari maliban kung ang mga ito (institusyon) ay nauukol lamang sa mga Muslim na maralita at dukha, at kung ang mga ito rin ay nakatakda para sa Da'wah sa hindi mga Muslim. Gayundin, si Dr. Mohammad Abdulrazaq Al-Tabtabaee, Dean ng College of Shari'ah sa Kuwait University ay nagbanggit ng maraming mga klase na maaring pagkalooban ng Zakat batay sa pangkalahatang interes ng mga Muslim, maliban sa Masjid at sa paglimbag ng Qur'an. Isang pantas na tagapaliwanag ng kahulugan ng Qur'an, si Ibno Atiya ayon sa kanya, hindi ito (Zakat) maaaring ibigay para sa paggawa ng Mosque at pambili ng Qur'an.

MAAARI. Ayon sa ibang mga pantas katulad ni Dr. Yusof Al-Qardawi, namumuno sa Samahan ng mga Muslim Scholars sa Europe, ayon sa kanya kabilang sa Jihad ang pakikipaglaban sa isip, pag-aaral at kultura. Gayundin si Sheikh Abdullah Bin Jebrin (Kaawaan siya ng Allah), subalit siya ay nagbanggit ng ilang mga kondisyon; kung ang mga ito ay hindi na napapakinabangan, kung higit ang pangangailangan sa mga ito at kung wala nang mapagkunan para sa paggawa ng mga ito maliban lamang sa Zakat.

Kaya sa nakikita natin batay sa pag-aaral sa mga pananaw ng mga pantas, higit na mainam kung ang Zakat ay hindi gamitin para sa paggawa ng Masjid at Madrasah dahil sa mga sumusunod: Dahil sa pagkakaisa (Ijmaa) ng mga pantas at sa limitadong bilang o sinif (walo) ang binanggit ng Allah. Kung ipahintulot ang Zakat para sa paggawa ng Masjid, ay magustuhan ng mga nagbibigay nito ang para sa paggawa nito sa halip na ibigay sa walong klase (sinif), sang-ayon sa nabanggit ni Al-Sheikh Ibn Al-Uthaimin. Sa ngayon, maraming mapagkukunan para sa paggawa ng Masjid o Madrasah bukod sa Zakat lalo na sa pagdami ng mga donors para dito. Napapanahon sa Homeland (Mindanao) na umiiral ang Jihad o pakikipaglaban alang-alang sa Allah, at ang mga Mujahideen ay nahahanap sa kanila ang walong klase (sinif) na nabanggit sa banal na Qur'an.

Ang Allah lamang ang higit na nakakaalam.

Para sa nais magtanong, mag-email sa: joseelitotabing@gmail.com

PAG-ARALAN ANG ARABIK

Ni Usta. Halima Mantawil, Head of the Women Section, KPCCenter

Lesson 23

Ang kahulugan sa Tagalog	Pagsasaling titik	Magkakasama na titik ng salitang Arabik
Mga salita	Al- kalimat	الكلمات
Kuwentas	qilaada	قلادة
Hikaw	qirt	قرط
Pulseras	siwaar	سوار
Singsing	khaatam	خاتم
Relo	Saa'ah	ساعة

ر Raa	ذ Dhaal	د Daal	خ Khaa	ح Haa	ج Jeem	ث Thaa	ت Taa	ب Baa	أ Alif
ف Faa	غ Ghaileen	ع Aieen	ظ Zaa	ط Taa	ض Daad	ص Saad	ش Sheen	س Seen	ز Zaa
	ي Yaa	ي Yaa	ه Haa	و Waaw	ن Noon	م Meem	ل Laam	ك Kaaf	ق Qaaf

Para sa mga Filipinong nais mag-aral ng Arabik na LIBRE, tumawag lamang sa ating KPCCenter, 24712574 extention 111 sa mga babae, at extention 102 sa mga lalaki.

BASA A MORO



Inisulat ni Ust. Marouf Baraguir Ali

Da'iyah & Social Researcher

Head, Men Section, KPCCenter



Ni Ust. Wahibie Tamama

*Da'iyah & Cultural Field Worker,
KPCCenter*

E-mail: alwahibi@alnajat.com.kw

So Hadis a ika duwapulo:

20- nakabpon kani ama ni Mas-oud a si Oqba a wata ni Amr Al-ansaari Albadrie nalilinyan sekanin nu Allah pidtalo nin: pidtalo nu sinugo nu Allah (Rasoolollah) a nanget salkanin su limo nu Allah endo sagyahatra (Sabens-abenal a ped kanu nasawt nu mga taw kanu kadtalo nu mga nabi a nangauna na ameka dika egkayan na enggula kaden I kalinyan nenka)

Napanudtol ni Albukharie

So nakuwa guna endo pangagi kanu nan a Hadis:

1. Ameka maawa su kaya siya kanu taw na manggalbek nin den su indaw I kalinyan nin apia su di dait a enggulan.
2. Su pidtalo a kaya a bantugan siya kanu islam na ikaya nu taw a muslim I dinin manggalbek su inisugu nu Allah nando ikaya nin I manggalbek nin su inisapal nu Allah.
3. Su mga enggagaysa a dili dait a ikaya na kapakay a enggalbeken nu taw.

KADSUCOR SA ALLAHO TAALA,,,

Sabap sa Yatano Manem itundog na so Taritiban a Bagel o Knal,, Yamaito na Magidzan i siya kano Pinangadenin Ataw ka rkanin a Galbekan ataw ka Sipatin endo taman kano Zhatin na ALLAH,,,

Mangeni tano sa ALLAHO TAALA SA ENGAN TANO NIN SA PAHAM A MAPIA KANO RKANIN A KATAW<<<>>>> AMEEN,,,

مراتب اليقين ثلاثة:
الأولى : علم اليقين
ثانيها : عين اليقين
ثالثها : حق اليقين

Mataw---- Matulik ---- Masuriman sa bnar

PAGANAY LON : SO TAO A MAGIREK SA ALLAH, ADEN LKANIN I KATAW SIYA KANO BAGER A KNAL, LABI LABI DEN KANO MULI AGAY NIN “ (وهم بالآخرة هم)

يوقنون (البقرة 4

IKADUWA : MAKALAY ATAW MAKAL SANDENG SABAP KO BAGER O KNALIN, PARA MAWATAN RKANIN SO MGA MARAT A MANGULA “ TEMBU ANTO SO MGA TAO A KANGASIKA SABAP SA MALUBAY SO KNAL ILAN NA PAKA SENDIT DEN YA NILAN KATAW NA DILI MANGULA ENDO MAWATAN INTO, (كلا لو)

تعلمون علم اليقين لترون الجحيم ثم لترونها عين اليقين (التكاثر 7

IKATLO : YA MANEM IKATLO NA BAGER A KNAL KO BNAR,, BARA PANTAG ABNAR I KATARIMA KO BNAR A MANGULA LABI LABI DEN AMAY KA PANUDTULEN DEN O KITAB ENDO SO SUNNAH,, NA SIYA BA MADAKEL I MEGKARAT I UTEKIN SIYA KANO MGA TAO ODI MANUSIYA ADEN TALINO NIN TIDTO DEN A NAMAKA DANGAS ,, <<<<<>>>> الندم ” الندم ” الحسرة

(تخاصم لأهل النار) إن هذا لحق اليقين

ENDO NAMAKADUDU SILAN SABAP KO SALIG ILAN KO GINAWA NILAN ENDO DADEN PEDSALIGAN ILAN YA TABIYA NA SO AKAL ILAN,, لا حول ولا قوة إلا بالله

DIMA PAKAY SO UTEK ATAW KA AKAL NA LUMAMPAS KO KITAB O ALLAH, ENDO PANGUNA KUNA KO HADEES “ O RASULOLLAH (SAW) KA MABINASA DEN SKANIN ENDO MAKAL LUSAK DEN - PAGITUNG KA ,,<>



*Inisulat ni Ust. Muslimin Palami Bhiruar
Public Relation & Information
KPCCenter, Kuwait
e-mail : aymus8118@yahoo.com.*

SO MANGA ADAT TARITEB O KAN-DU'AH AGO SO MANGA SABAP A KATARIMA KO DU'AH

So kapagikhlash ro sa Allaho Taalah, ago so kapamogi ko Allaho Taalah ko enday khabpon endu'ah. ago kapamantog r'kaniyan mauri na salawatan so Nabi ko paganay den a kandu'ah ago kapasad endu'ah.

Makadtakna so pamosongan ko tempo a kapendu'ah.

SO kandu'ah ko tempo a egkamasengetan atawa tempo a kararandangan.

Di mangni yadi tabiya na ro mangni sa Allaho Taalah a isa-isnin.

Magabdas bago endu'ah.

Amayka sumugo sa mapiya sumapar ko marata a galbek.

Amayka edsanggelan niyan so langono inisapar.

Pakananayn atawa pakalemeken so suwara saya ko kandu'ah.

So kagkompormi ko miyanggalbek a kabradosan mauri na mangni sa ampon ko Allah.

So kagkompormi ko manga limo atawa rizki o Allah mauri edsukoran s'kaniyan a Allah.

So kandu'ah na makatlo kabparomanan.

So kapagekhlash sa kandu'ah sarta pedsiguradon sa tari-man so du'ah.

Kna ya phangnin na so galbek a kabradosan atawa kadsabapan a katebped o kuniksiyon o phaphagariya.

Amayka so pegken o tao ago so phagenemen niyan ago so balegkas yan na miyakuwa sa oket a halal I kiyakuwa ron.

10- Isunod atawa imbalingan so nakuwa sa kasalimbot siya ko tao a kigkuwan ron.

11- So kapangalimbaban sarta ron so ger'k sa Allah ko tempo a pendu'ah.

12- Soti atawa lempiyo so tao sa k'na s'kaniyan dalem kha-das a masla ago maito ago k'na s'kaniyan mar'zek.

13- Iporo so duwatiman a lima sa pakan'dketen siran mau-

ri na tapayan so dua a palad o lima sa ro pakasangoren sa langet mauri na pakatalegkoden so lima sa qiblat.

14- Ro pedsangor sa Qiblat ko tempo a kapendu'ah.

15- So kandu'ah sa tempo a egkamasengetan so tao.

16- So kandu'ah sa aya phagusaren a du'ah na so manga du'ah a ghaantap a egkhatarima manaso manga du'ah a kinowa ko Qur-an ago Hadeeth.

SO EGKHAPAKAY A OSAREN AGO SO DI EGKHAPAKAY A OSAREN KO KANDU'AH

1- Ika-isa na inisugo a osaren ko kandu'ah- sa wagib atawa sunat-so manga du'ah a miyalabet ko manga sambayang atawa so salakaw ron manaso miyalabit a manga du'ah a kinowa ko Qur-an ago kinowa ko Hadeeth, na giyanamba I egkhababayan ago egkhasuwatan o Allaho Taalah a osaren ko kandu'ah.

2- Ika-duwa na inisapar ko oripen I kandu'ah sa kasubran so r'kaniyan a limit a kaooripen niyan: manaso kapangni o oripen sa yaniyan phangnin na so enggaga-isa a taratanto bo ko Allah, lagid o kapangni niyan ko Kadnan niyan sa mabaloy s'kaniyan a katawan niyan so langon o enggaga-isa, atawa enggan s'kaniyan sa bager a magaga niyan so langono magkahanda niyan, atawa yaniyan phangnin na mailay niyan so langon o gaib a di daet a mailay o oripen, atawa so salakaw san a manga galbek a taratanto ko Allah, na giyanmaba a manga du'ah na di egkhababayan o Allah ago di niyan egkasowatan. Kagiya so giyanamba a manga sipat a galbek na da phakadsipat ron ya di tabiya na so Allaho Taalah bo a Isa-isninbo.

3- Ikatlo na egkapakay a indu'ah sa yangka phangnin na so makalalabi a mapiya a galbek a kna supak ko Allah

BISAYA

Ni Sister Sarah Mailyn Rodriguez

ANG DAKBAYAN SA KIDAPAWAN

Ang Dakbayan sa Kidapawan usa ka ika-upat nga klase nga dakbayan sa lalawigan sa Cotabato sa Pilipinas. Mao kini ang ulohan sa Cotabato. Kini usa ka paboritong destinasyon sa mga turista gikan sa Oktubre hangtod sa Disyembre, ug sa summer, daghaang mga turista ang mosaka sa taas sa Bukid Apo, ang kinahitas-ang bukid sa Pilipinas.

Ang Dakbayan sa Kidapawan gitawag kina nga “A Spring in the Highland” tungod kay kini gikuha sa pulong nga “TIDA” nga ang buot ipasabot tingpamulak ug “PAWAN” nga ang buot usab ipasabot taas nga lupa. Ang Dakbayan sa Kidapawan Makita sa ubos sa halangdon nga Mt. Apo. Ang Kidapawan usab nakabarog sa mga seksiyon sa Timog-Silangan sa mga lalawigan sa Cotabato, ug kini nahimutang sa tunga-tunga sa tulo ka mga inilang Dakbayan sama Davao, Cotabato, General Santos ug Koronadal.

Ang una nga nakapuyo dinhi kadaghanan Manobos. Ang pagdagsa sa mga Christian nga gikan sa Luzon at Visayas nagresulta sa pagkausab sa Tidapawan ngadto sa Kidapawan.

BISAYANG JOKES

APO: Lo kaon na intawon, bisag duha lang ka kutsara.
LOLO: Giango-ango ka? Lugaw gani maglisod kog tulon, kutsara pa kaha? Duha pa jud kabook!

ANAK: Tay, nganong kanang atong mga baktin maglakaw nga magduko man?
TATAY: Naulaw na sila Dong, nga kaliwat sila ug baboy.

PATIENT: Doc, nakatulon kog ilaga, nag-nganga man ko natulog, unsaon man ni pagpagawas?
DOCTOR: SIGE, nganga ug usab kay sudlan tag iring, modagan lagi na!...

TATAY: Salbahis ka nga pagkaanak. Pakaulaw ka! Didto sa siyudad nabaligya man daw ka sa imong unod?
ANAK: Bitaw! Kay ngano kung magbaligya ko’g bukog, mahalin?

IRO 1: pre, ingon sila kaning atong laway kay naay rabies. ang rabies kay makamatay!
IRO 2: unya unsay problema pre?
IRO 1: natulon nako akong laway pre, kulbaan ko!

UMA: Tay, nagpa tatoo na ako!
TATAY: Sakto ka anak! Ipakita nato sa mga silingan nga dili ka Bayot! Tan-awon kuno nato bih?
UMA: O, di ba Tay? itom na akong kilay?

DONYA: Kay bag-o man ka dinhi, gusto ko masayod ka nga ang pamahaw diri alas sa is impunto!
MAID: Way problema ‘Nyora! Kung tulog pa ko anang orasa, una lang mo ug ka-on!!

BISAYA 1 : Unsay ibig sabihon ng “cooling place”?
BISAYA 2 : Pag-naga ring ang fon, sabihin mo “Hilow, hus cooling place?”

Studyante nasakpan may kodigo
TEACHER: unsa ni?
STUDENT: prayer nako mam!
TEACHER: unya nganong answers man ang nakasulat?
STUDENT: hala! Gitubag ang akong prayer mam!

GERMAN: Waiter, Remy Martin, single
FRENCH: Waiter, Carlo Rossi, double
PINOY: (magpaila pa diay ta usa maka order?) Waiter, Pablo Taklob, married

HOST: what was the first gift you gave to your girlfriend? You can speak in Bisaya.
MALE CONTESTANT: aw tenk yu.. ang una nakong gip niya is taptoy!
HOST: What is taptoy?
MALE CONTESTANT: Taptoy gud nga tedi bird.

EMERGENCY: 112, 1844777

CIVIL ID INFO: 1889988

FIRE BRIGADE: 100, 105

TRAFFIC VIOLATIONS: 198

AMBULANCE:

Central 24722000; Emergency 24765616; Adan 23940660, 23941455; Amiri 22422366; Dai'ya 22510854; Dasman 22419785; Fahaheel 23919089; Faiha'a 22553779; Farwaniya 24883000, 24725149; Jahra 24575448; Mubarak Al-Kabir 25311437; Nuwaisib 23950114; Sabah 24815000; Salmiya 25739011; Shuaiba 23261927

HOSPITALS:

Amiri Casualty 22450005; Al-Sabah 24812000, 24815000; Mubarak Al-Kabir 25312700 to 9; Farwaniya 24883000, 24888000; Adan 23940600; Ibn Sina 24840300; Al-Razi 24846000; Al-Jahra 24575300; Maternity 24848067; Allergy 24849252; Blood Bank 25336538; Burns Centre 24840300; Cancer Control Centre 24849100; Chest Diseases 24838990, 24849400; Drug Control 24837245; Infectious Diseases 24870351; Islamic Medicine Centre 24849000; Military 24729911; Ophthalmology 24840300; Psychiatric Centre 24843900; Sulaibikhat Orthopedic 24874240

PRIVATE HOSPITALS:

Ahmadi 23985174; Mowasat 25711533; Dar Al Shifa 22423151; Salam 22533177, 25333254; British Medical Centre 23713100; Royal Hayat Hospital 25360000, 25360536

PRIVATE CLINICS:

International Clinic 25745111; Kuwait Clinic 25739277; Maidan 22450001

POLICE STATIONS:

Abu Halifa 23717656; Ahmadi 23980304; Bayan 25387762; Dasma 22531917; Fahaheel 23912959; Hawalli 22641116; Jabriya 25315855; Jleeb Shoyoukh 24311234; Kaifan 24832839; Qadsiya 22574386; Qurain 25423772; Sabah Al Salem 25517229; Salhiya 22427157; Salmiya 25726950; Sharq 22442466; Shuwaikh 24813726; Surra 25312220; Wafra 23810412; Waha 24557902

IMMIGRATION DEPARTMENT:

Farwaniya 24341770; Hawalli 25712637, 25712635; Jahra 24555600; Ahmadi 23986761; Mubarak Al-Kabir 25415071

EMBASSY:

Phil. Embassy- Jabriya, Kuwait 25329316, 25329317, 25329318; OWWA/POLO 25346507, 25346508

ISLAM PRESENTATION COMMITTEE (IPC):

Al-Mullah Saleh Kuwait 22444117; Salwa 25637900; Sharq 22418934, 22418917; Al-Rawda 22511301, 66944422; Salmiya 25733263, 66944422; Farwaniya-Kheitan 24735626, 99285459; Al-Manggaf 23723002, 99256165; Al-Jahra 24558830, 97509063; Aware Center 25335260, 25335280;

TIES Center 25231015, 25231016, 97798222

ANONG MERON SA BUWAN NG

MAYO

MGA PANGYAYARI

Mayo 2, 2008 - Ang Bagyong Nargis ay lumapag sa Myanmar na kumutil sa 130,000 na katao at umiwan ng milyun-milyong tao na walang bahay.

Mayo 4, 1686 - Ang bayan ng Ilagan, Isabela ay itinatag sa Pilipinas.

Mayo 8, 1967 - Naitatag ang mga lalawigan ng Cotabato, Davao del Norte at Davao Oriental.

Mayo 14, 1948 - Ipinahayag ng Israel ang kanilang kasarinlan.

Mayo 17, 1954 - Sumuko sa pamahalaang Pilipino sa ilalim ng pamumuno ng Pangulong Ramon Magsaysay si Luis Taruc, ang pinuno ng Hukbong Bayan Laban sa Hapon, na nagbunga ng kanyang 12 taong pagkabilanggo.

Mayo 17, 2002 - Ihinati ang Timog Katagalugan sa bisa ng Pantagapagpaganap na Utos 246 ng Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo, na nagbunga ng dalawang bagong rehiyong CALABARZON at MIMAROPA.

Mayo 17, 2006 - Naakyat ni Leo Oracion ang Mount Everest, at naging unang Pilipinong nakaakyat niyon.

Mayo 20, 526 - Isang lindol ang kumutil ng 300,000 sa Syria at Antiochia.

Mayo 22, 1959 - Itinatag ang Katimugang Leyte, sa bisa ng Batas Republika 2277.

Mayo 22, 1992 - Itinatag ang Guimaras, bilang isang lalawigan sa Pilipinas.

Mayo 22, 2006 - Itinatag ang Akbar, isang bayan sa Basilan.

Mayo 24, 1945 - Nangyari ang ikalawang pagbomba at pagsalakay ng mga pilotong Amerikano sa Tokyo, isang kabiserang lungsod ng Imperyong Hapon na pumatay ng libo-libong mamamayang Hapones.

Mayo 26, 1293 - Isang lindol ang tumama sa Kamakura, Japan na pumatay sa mahigit kumulang na 30,000.

Mayo 28, 1898 - Unang ginamit ang watawat ng Pilipinas sa labanan ng Himagsikang Pilipino.

Mayo 31, 1945 - Ang katapusan ng Labanan sa Pasong Balete.

MGA KAPISTAHAN

Mayo 1, nangyayari ang Araw ng Mayo at tumutukoy sa ilang pampublikong pista. Sa maraming bansa, kasingkahulugan ang Araw ng Mayo sa Internasyunal na Araw ng Paggawa o Araw ng Paggawa, na pinagdiriwang ang panlipunan at ekonomikang natamo ng kilusang paggawa. Bilang isang araw ng pagdiriwang, may lumang pinagmulang ang pagdiriwang ng pista at maaaring iugnay sa maraming kaugalian na nanatili hanggang sa kasalukuyan.

Mayo 3, pista ng Santa Crusan

Mayo 15, pista ni San Isidro Labrador, isang Katolikong Santo.

Mayo 25, pista nina San Beda, Mary Magdalen de Pazzi, Gregorio VII at Urbano I, mga Katolikong Santo at Santa.

KAMATAYAN

Mayo 20, 1506 - Namatay si Christopher Columbus, isang eksplorador at mangangakal.

Mayo 20, 2008 - Namatay si Crispin Beltran, isang Politikong Pilipino.

Mayo 21, 1991 - Namatay si Lino Brocka, pambansang alagad ng sining ng Pilipinas sa larangan ng pelikula (ipinanganak 1939)

